1981

KAUTUSAN BLG. 6

NA NAGUUTOS SA TAONG MAY HABLA NG KASO SA JUSGADO NG BARANGAY NA MAG BAYAD
NG KAUKULANG HALAGA MULA SA ₱ 3.00 HANGGANG ₱ 5.00 BILANG BAYAD SA TAONG
TUMAWAG NG IKUSADO, DEPENDE SA LAYO LUGAR NA TINITIRAHAN NG NASABING AKU-
SADO.

SAPAGKAT, Ang Jusgado ng mga Barangay dito sa Bulalacao ay hindi maka mintinar ng mga pangangailangan sa kanilang Tanggapan;

SAPAGKAT: maraming mga kaso ang na dadala sa mga Jusgado ng mga Barangay;

SAPAGKAT, ang mga Barangay dito na Bulalacao ay Mayroong mga sitio na malayo ang agwat, at ito'y nangangailangan ng taong mag dadala ng sob-pins;

SAPAGKAT, dahil dito, and Sangguniang Bayan ng Bulalacao ay nag Order ng mga sumusunod:

SIKSYON I.- Ang lahat ng mga dimandante O' may habla ng kaso sa Jusga-do ng Barangay sa nasasakupan ng Bulalacao ay kailangang magbayad ng Kanilang halaga katulad ng nabanggit dito sa iba nito;

SESYON 2. Sa mga Barangay na ang kaso ay mismo sa looban ng Barangay ang dimandante ay mag babayad ng ₱ 3.00 sa taong nang hatid ng sobpina at sa mga barangay na ang sitio ay malayo o' linalakad mula sa Centro ng Barangay, ang dimandante ay magbabayad sa inuutusan na mag hatid ng sobpina ng Halagang ₱ 5.00;

SIKSYON 3. Bainte (20%) porcinto sa halagang na kulikta ay pupunta sa Tanggapan ng Jusgado ng Barangay para sa mga papilis at iba pa, at ang iba ay pupunta sa taong nag hatid ng sobpina bilang bayad sa kanilang pagod;

SIKSYON 4. Ang sino mang maglabag ng kautusang ito, ay magmumulta ng Hanggang ₱ 25.00 hanggang ₱ 200.00 at mamimilanggo ng 10 araw hanggang 30 na arawo' alin man sa pasiya ng hukuman;

SIKSYON 5. Ang kautusan o mga kautusan na salungat sa kautusang ito ay pinawawalan na ng bisa;

SIKSYON 6. Ang kautusang ito ay magkakatoon ng bisa matapat ipinag-tibay ng lahat;

IPINAGTIBAY NG LAHAT:

PINATUTUNAYAN KO ang kawastohan ng nabanggit ng kautusan sa itaas;

EDUARDO A. BURUANGA
Municipal Secretary

Scanned with CamScanner